



California State Board of Pharmacy
2720 Gateway Oaks Drive, Suite 100
Sacramento, CA 95833
Telepono: (916) 518-3100 Fax: (916) 574-8618
www.pharmacy.ca.gov

Negosyo, Mga Serbisyo sa Konsyumer at Ahensya
para sa Tirahan
Department of Consumer Affairs
Gavin Newsom, Gobernador



ANO ANG GAGAWIN KAPAG MAGSASARA ANG IYONG PARMASYA

Kung permanenteng magsasara ang iyong parmasya:

- Alamin kung saan inilipat ang iyong mga niresetang gamot at talaan ng reseta.
- Makakahiling ka sa iyong parmasya na ilipat ang iyong (mga) reseta sa isang parmasya na iyong ninanais.
- Simulang tukuyin ang isa pang ninanais na parmasya na tatanggap ng iyong insurance at hilingin sa iyong parmasya na ilipat ang iyong mga reseta.
- Abisuhan ang iyong (mga) doktor o dentista tungkol sa iyong bagong ninanais na parmasya at na i-update ang iyong medical profile upang nakasaad doon kung saan ipapadala ang anumang mga elektronikong reseta sa hinaharap.

Kung permanenteng nagsara ang iyong parmasya at hindi mo ma-akses ang mga suplay ng niresetang gamot (prescription refills):

- Maaaring kailanganin mong kontakin ang nagrereseta sa iyo upang magpadala ng bagong reseta sa iyong bagong ninanais na parmasya.
- Dalhin ang lalagyan ng iyong niresetang gamot sa iyong bagong ninanais na parmasya at hilingin ang parmasyutiko na kontakin ang iyong doktor para sa bagong reseta.
 - Kung hindi available ang doktor, maaaring magbigay ang parmasyutiko ng refill o emergency supply hanggang sa makontak nila ang iyong doktor.
- Sa panahon ng idineklarang emerhensyang pampederal, pang-estado, o lokal, maaari kang humiling sa parmasyutiko, nang walang masamang hangarin, na magbigay ng makatwirang dami ng iyong gamot nang walang reseta.